

Information for foreigners

1 . Japanese Language Activities for Exchange

Bumubuo ng lugar na mayaman sa pakikipagkapwa-tao kung saan ang mga dayuhan at mga boluntaryo ay nagkakasama sa pamamagitan ng Japanese language exchange kung saan ang wikang Hapon na kailangan sa pamumuhay ay natututunan.

Bayad sa Partisipasyon: Libre
Lugar: Toyonaka International Center
Petsa at Oras: Pakitingnan sa ibaba

Motto, motto tsukaeru Nihongo

Lunes 10: 00~12: 00 (holiday breaks \ summer \ winter breaks)

※Lugar para sa mga tao na marunong magbasa at magsulat ng wikang Hapon at lugar para matuto at mag-practice ng wikang Hapon na may kinalaman sa kwalipikasyon at trabaho.
May mag-aalaga sa mga bata (0 year old~edad bago pumasok sa elementarya)

Toyonaka Nihongo (Moku-hiru)

Huwebes 13: 30~15: 30 (holiday breaks \ summer \ winter breaks)

Parehong Oras※ May mga aktibidades para sa Tabunka Hoiku Niko-niko (Childcare). (0 year old~edad bago pumasok sa elementarya)

Toyonaka Nihongo (Kin-asa)

Biyernes 10: 30~12: 00 (holiday breaks \ summer \ winter breaks)

Parehong Oras※ May mga aktibidades para sa Tabunka Hoiku Niko-niko (Childcare). (0 year old~edad bago pumasok sa elementarya)

Nichiyou Gacha-Gachadan

Linggo 10: 00~12: 00 (Bakasyon tuwing unang Linggo ng buwan)

Dagdag pa dito, ang mga aktibidades na isinasagawa ng mga boluntaryong mamayang hapon na nagtuturo ng wikang hapon ay isinasagawa rin sa Toyonaka International Exchange Center.
Para sa detalye tanungin ang person-in-charge sa telepono.

Night Kanji Class

Martes 19: 30~21: 00
TEL0727-61-8965 (Nakata)

Nihongo Kouryuu Salon

Biyernes 19: 30~21: 00 Libre
TEL06-6849-7992 (Ishizumi)

Nihongo Bochi-bochi

Sabado 10: 30~12: 00 Libre
TEL090-1731-3715 (Morishita)

Nihongo Hiroba

2nd \ 4th Sundays 14: 00~16: 00 Libre

Tel#: 06-6854-8371 (Kinoshita)

Lugar para sa mga dayuhang kababaihan at mga bata ~Oyako de Nihongo~

Ang mga dayuhang kababaihan na kasalukuyang nagpapalaki ng kanilang mga anak ay maaaring makisali. Lugar ito para sa pagpapalitan ng impormasyon, pakikipag-usap sa wikang hapon tungkol sa buhay sa Japan, sa mga bata habang nakikipagkaibigan. May mga events din katulad ng pagbabasa ng mga larawang aklat, klase sa pagluluto at paggawa ng mga gawang-kamay na mga laruan. Lahat ng mga boluntaryo ay mga kababaihan na kasalukuyan ding nagpapalaki ng mga anak. Tinatanggap din po namin ang mga tao na hindi bihasa sa wikang hapon, mga buntis sa kasalukuyan, mga nanay at mga indibidwal na makikilahok. Huwag po kayo mahiyang pumunta at makisaya sa amin.

Oras ng aktibidad: Martes ng bawat linggo 10:00~12:00

(Wala pong activities kapag sarado ang library, kapag holiday, katapusan at simula ng taon, at bakasyon sa eskwela)

Bayad: Libre

Lugar: Ang mga aktibidades ay isinasagawa sa tatlong (3) library sa loob ng siyudad.

Okamachi Oyako de Nihongo

Lugar: Okamachi Library (dalawang minutong lakad mula sa estasyon ng Hankyuu Okamachi)

Blog→<http://okamachioyako.blog129.fc2.com/>

Shounai Oyako de Nihongo

Lugar: Shounai Library (sampung minutong lakad mula sa estasyon ng Hankyuu Shounai)

Blog→ <http://oyakonihon.exblog.jp/m2010-01-01/>

Senri Oyako de Nihongo

Lugar: Senri Library (tatlong minutong lakad mula sa estasyon ng Hankyuu/Kita Senri Kyuukou Senri Chuo)

Aktibidades para sa mga bata na may dayuhang ugat

「Tabunka Hoiku Niko-niko」

Ang mga bata na may dayuhang ugat ay maaaring makipaglaro at makaranas ng iba't ibang laro kasama ang kanilang mga magulang sa silid palaruan. Dahil naroon din ang mga boluntaryo sa pag-aalaga ng bata, maaari din talakayin ang paksa tungkol sa pagpapalaki ng bata. Karagdagan pa, sa parehong oras, ginaganap rin ang Japanese language exchange activities kung saan ang mga magulang lang ang maaaring makilahok. Hindi kailangan ng paunang pagpapatala.

Kalahok: Dayuhang magulang/tagapangalaga at mga bata na hindi pa nag-aaral

Petsa at Oras: Huwebes 13: 30~15: 30/Biyernes 10: 30~12: 00 (sarado kung holiday)

Bayad: Libre

Lugar: Toyonaka International Center Playroom 1

「Kodomo Bogo」

Lugar para sa mga batang may dayuhang ugat para matutong mabuti ng kanilang inang wika at katutubong kultura. Natututunan nila hindi lamang ang pakikipag-usap, pagbabasa, kundi pati na rin ang kanilang kultura katulad ng pagluluto at pagsasayaw. Ito rin ay lugar para makakilala ng ibang mga bata na may dayuhang ugat at makipagkaibigan. Maging ang mga staff na nagtuturo ng inang wika sa mga bata ay mga estudyante sa unibersidad at mayroon ding dayuhang ugat

Kalahok: Mga bata na may dayuhang ugat (estudyante sa elementarya at pataas)

Petsa at Oras: ikalawa at ikaapat na Linggo 10: 00~12: 00

Bayad: Libre

Lugar: Toyonaka International Center

※Sa ngayon, itinuturo ang mga wikang Chinese, Spanish, Portuguese, and Indonesian.

「Learning Support /Sun Place」

Para sa mga bata na may dayuhang ugat hindi tahanan o eskwelahan ang itinataguyod para sa kanila kundi ang ikatlong lugar kung saan sila maibibilang. Lugar ito kung saan maaari silang makipagtalastasan at makipagsayaw sa mga boluntaryo at hindi lang basta mag-aral. Ang mga boluntaryo ay karaniwang estudyante sa unibersidad, mga gradwado at mayroon ding dayuhang ugat.

Kalahok: Mga batang may dayuhang ugat (estudyante sa elementarya at pataas)

Petsa at Oras: Linggo 13: 00~15: 00 (holiday tuwing ika-unang Linggo ng buwan)

Lugar: Toyonaka International Center

Bayad: Libre

「Toyonaka Kodomo Nihongo Kyoushitsu」

Silid aralan ng wikang hapon na gumagabay sa sistematikong pag-aaral ng wikang hapon ng mga bata na gumagawa ng aralin at plano sa pagtuturo alinsunod sa bawat bata. Ang mga eskwela at kagawaran ng edukasyon sa siyudad ng Toyonaka ay nagtutulungan para makapagbigay ng gabay sa wikang hapon na nag-uugnay sa iskolastikong kakayahan at mga aralin. Ang mga nagtuturo ay may espesyal na kakayahan sa pagtuturo ng wikang hapon sa mga bata. Para sa mga gustong makilahok magtanong lamang po ng mas maaga.

Kalahok: estudyante sa elementarya at Junior high school na nangangailangan ng pagsasanay sa wikang hapon

Petsa at Oras: tatlong (3) beses sa isang linggo (Lunes · Huwebes 15: 00~16: 30/16:30~18:00、Sabado 14: 00~16: 00)

Lugar: Toyonaka International Center

Bayad: Libre

「Kankoku · Chousen no kotoba to asobi no tsudo」

Ito ang lugar para sa mga batang may lahing Koreano na makilala ang isa't isa, makiisa at makipag-ugnayan sa bawat isa. Ang mga batang may lahing Koreano ay nakakahubog ng pagmamalaki sa kanilang sariling kultura habang nag-aaaral sa ilalim ng tagapagturo mula sa kanilang bansa gamit ang kanilang sariling wika, sayaw, at paglalalro ng mga laruin mula sa kanilang bansa. Ang mga guro ay nakikipagtulungan sa mga proyekto na nagtataguyod na asosasyon ng dayuhang edukasyon na

namamalagi sa siyudad ng Toyonaka, Japan.

Petsa at Oras: Sa umaga tuwing ikatlong Linggo ng buwan

Kalahok: Mga batang may lahing Koreano

Lugar: Toyonaka International Center

Bayad: Libre

「Tabunka Mini Toyonaka」

Sa 「Tabunka Mini Toyonaka」, ang mga bata ay nag-iisip ng imahe ng bayan na gusto nilang

tirhan at itatag sa kanilang mga sari-sarili. Gumawa sila ng mga tindahan, bangko, munisipyo at iba pa. Nagtrabaho sila at tumanggap ng sweldong orihinal na gawa sa pera ng 「Mini Toyonaka」.

Oras ng pagsisimula: Bilang bahagi ng mga bata sa 「Tabunka Festival」 ito ay ginagawa isang beses sa isang taon. Magtanong po tayo sa asosasyon para sa mga detalye.

Kalahok: Mga bata na estudyante sa elementarya at pataas

Lugar: Toyonaka International Center (Schedule)

「Omatsuri chikyuu isshuu kurabu」

Bilang pagkakataon para sa mga dayuhan na naninirahan sa rehiyon na makaranas at makakilala ng iba't ibang kultura ng mundo, ang seminar para sa internasyonal na pag-unawa ay isinasagawa para sa mga dayuhang tagapagturo at boluntaryo na naninirahan sa lugar. Ang mga wika ng mundo at mga laro ay natututunan sa masayang pamamaraan.

Petsa at Oras: 1~3 beses sa isang buwan, hindi regular na ginaganap

Kalahok: mga estudyante sa elementarya at Junior high school (pinapayagang sumama ang tagapangalaga)

Tingnan ang 「Kouhou Toyonaka」 at ang homepage ng asosasyon para sa buwanang nilalaman at lugar.

「Uki-uki Hangul Kouza」

Pag-aaral ng kultura ng Korea sa pamamagitan ng wika, pagkain at iba't ibang karanasan. Gusto nyo po ba pag-aralan ang kultura ng karatig bansa ninyo kasama kami?

Kalahok: mga estudyante sa elementarya (pinapayagang sumama ang tagapangalaga)

Isang beses sa isang buwan

Lugar: Toyonaka International Center

~Bakasyon ito sa kasalukuyan~

Iba pang Impormasyon

Sa Toyonaka International Center, ang 「CC Cafe」 ay binubuksan tuwing ikalawa at ikaapat ng Biyernes ng buwan mula 12:30~15:30 (sarado kung holiday). Mayroong kape, tsaa at kutkuting matamis. Karagdagan pa, may libreng multilingual magazines, newspapers, brochures at ang mga impormasyon ay nakalagay sa center sa lahat ng oras. May libreng internet service para sa mga tao na naghahanap ng impormasyon tungkol sa international understanding at multicultural symbiosis at iba pa. (libre kada 20 minuto ng paggamit), huwag po mag-atubiling dumaan. Makipag-usap po sa mga staff ng opisina kung may mga bagay kayong hindi naiintindihan.

Association for Toyonaka Multicultural Symbiosis (ATOMS)

Address: Osaka-fu, Toyonaka-shi, Tamai-chou,1-1-1-601 (Etre Toyonaka 6th Floor) Toyonaka International Center

Telephone #: 06-6843-4343


(Mga araw na sarado: Miyerkules, katapusan at simula ng taon)

Pagpunta sa Toyonaka International Center

英語

Toyonaka International Exchange Center

Map



- Hankyu Takarazuka Line (Toyonaka) Right after getting off (11 minutes from Hankyu Umeda Station on Express train)
- Parking for Bicycles is on the 1st Floor Etre Building.(Free for 2 and a half hours)
- Car Parking Area is on the Basement 3rd Floor (¥200 for every 30 minutes)